

PANGARAP AT PAGKABIGO: Ang Naratibo ng Pakikibaka ni Rina Bilang Babae, Manggagawa, at Dayuhan sa Konteksto ng Lipunang Hapon

Reynele Bren G. Zafra
rgzafra1@up.edu.ph

ABSTRAK (ABSTRACT)

Pangkalahatang layunin ng papel na ito ang ilatag ang karanasan ng isang Pilipinang nagtrabaho, nakapangasawa, at nanirahan sa lipunang Hapon sa pamamagitan ng pagbuo ng isang kwentong buhay mula sa ibinahaging naratibo o salaysay ng kalahok batay sa kaniyang direktang karanasan sa nasabing lipunan at sa kamay ng kaniyang asawang hapon. Gamit ang mga salaysay ni Rina, napatunayan ng papel na ito na danas ng isang Pilipinang gaya niya ang pagmamalupit, at opresyon mula sa kamay ng kaniyang asawang Hapon at lipunang ito—kung saan ang mga pagmamalupit na ito ay produkto ng sanga-sangang identidad na ikinakabit sa kanya bilang babae, mahirap, kawalan ng mataas na edukasyon, *hostess*, dayuhan, at Pilipino. *(This paper seeks to illuminate the journey of a Filipina woman who navigated life in Japan as both a devoted wife and an overseas Filipino worker (OFW). Weaving together her narrative and experiences presents a comprehensive life story that highlights the complexities she faced. Through Rina's compelling accounts, the paper delves into*

ZAFRA

PANGARAP AT PAGKABIGO: Ang Naratibo ng Pakikibaka ni Rina Bilang Babae, Manggagawa, at Dayuhan sa Konteksto ng Lipunang Hapon

the unique challenges of being a Filipina in Japanese society, illustrating how her identity as a foreign wife intersects with cultural expectations and societal norms. It reveals the multifaceted nature of the oppressions she encountered, shaped not only by her relationship with her Japanese husband but also by the broader societal dynamics at play in her new environment. This study also underscores the resilience and agency she displayed while confronting these obstacles.)

Susing Salita: Migrasyon, Inter marriage, Intersectionality, Opresyon, Ahensiya

Introduksiyon

Sa kasaysayan, nagsimulang dumami at naging bahagi nang kulturang Pilipino ang migrasyon nang maging bukas at lagdaan ng dating Pangulong Ferdinand Marcos, Sr. ang *Presidential Decree 442* o ang 1974 Labor Code na nagpo-formalize sa pagha-hire ng mga Pilipinong manggagawa upang magtrabaho sa ibayong dagat para tugunan ang lumulubong bilang ng mga Pilipinong walang trabaho sa ilalim ng kanyang pamumuno (Medina at Palumbarit, 2012). Bagaman, may mga Pilipinong manggagawa na sa ibayong dagat noon pa man, mas tumaas naman ang bilang nito sa ilalim ng kanyang pamamahala dahil na rin sa kawalan ng estabilidad ng ekonomiya ng panahong yaon. Sa katunayan, matapos ang isang dekada ng proklamasyon ng nasabing presidential decree at bago mapatalsik si dating Pangulong Marcos, Sr. noong 1986, tinatayang lumubo nang 10 beses ang bilang ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) mula sa mahigit 36, 000 ay pumalo ito sa bilang na mahigit 372, 000 noong 1985 (Sabangan, 2010). Ang inaakalang pansamantalang programa sa ilalim ng pamumuno ni Marcos, Sr. ay nagpatuloy sa mga sumunod na administrasyon ng Pilipinas sapagkat hirap nang makabangon ang bansa bunga ng malawakang korupsiyong naganap sa administrasyong Marcos, Sr. Sa katunayan, walang pangulo ng Pilipinas ang lumihis sa landas ng *labor export policy*. Sa termino ni dating Pangulong Corazon Aquino, mula 1986 hanggang 1991 ay ginamit din niya ang nabanggit na polisiya upang tugunan ang kawalan ng trabaho sa Pilipinas at maibsan ang bagsak na ekonomiya dulot ng problemang nilikha ng nakaraang administrasyon. Ayon sa tala, ang mga na-deploy na manggagawang Pilipino sa pamunuan ni dating Pangulong C. Aquino ay pumalo sa 615, 019 noong 1991 mula 378,214 noong 1986. Gaya ng mga nagdaang administrasyon, tinahak din ni dating pangulong Fidel V. Ramos ang *labor export policy* sa loob ng anim na taon niyang pamumuno. Sa katunayan, nilagdaan niya noong 1995 ang Batas Republika 8042 o ang *Migrant Workers Act* na naglalayong “patatagin” at “paunlarin” ang kapakanan ng mga OFW. Bagama’t bumagal ang paglobo ng bilang ng mga OFW sa nasabing mga taon, nanatili pa ring tumataas ito. Mula sa bilang na mahigit 686 na libong OFW noong 1992 ay pumalo ito sa mahigit na 747, 000 bago matapos ang kaniyang panunungkulan bilang pangulo ng Pilipinas (Sabangan, 2010).

Sa mga bansang pinupuntahan ng mga Pilipino, hindi maikakailang maraming kababayan natin ang nahumaling na makapagtrabaho at manirahan sa bansang Japan dahil sa magandang kitang ibinibida nito sa mga dayuhang manggagawa gaya ng mga Pilipino na maaaring hindi nila kitain sa kani-kanilang mga bansang pinagmulan. Sa tala, kalimitang nagtatrabaho ang mga Pilipino sa *entertainment industry*. Ayon kay Da-anoy-Satake (2000), ang pagdami ng mga *entertainers* sa Japan ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng estruktural na pag-unlad ng lipunang Hapon. Sa katunayan, mababakas ito noong *Japan's postwar development*, partikular noong *capitalist expansion* sa Japan noong Dekada 70 at pag-unlad ng ekonomiya noong Dekada 90 na nagbukas sa partisipasyon ng mga babaeng Hapon sa iba't ibang gawaing pangkabuhayan na nagresulta naman ng kakulangan ng mga manggagawa sa *entertainment industries*. Ang pangyayaring ito ay naging sanhi upang papasukin ang mga dayuhang babaeng manggagawa at magtrabaho sa nasabing industriya. Bukod dito, ang paglobo ng mga *Filipino entertainers* sa Japan ay maaaring maiugnay sa ugali ng mga Haponesa na ayaw magtrabaho sa mga *night clubs* sa usapin ng seguridad at paniniwalang ang mapabilang sa ganitong trabaho ay nakakababa sa kanilang pagkatao dahil sa mga iba't ibang isteryotipikong katangiang nakadikit sa ganoong uri ng trabaho. Gayundin, sa kanilang paniniwalang mas malaki ang probabilidad na sila ay makapagtrabaho sa *labor market* sa Japan dahil sila ay ganap na Haponesa.

Sa kabilang banda, ang pagdami ng mga dayuhang *entertainer* sa Japan gaya ng mga Pilipino ay maaaring direktang maiuugnay rin sa sosyo-sikolohikal na aspekto ng mga Hapon. Sa katunayan, ayon kay Liban (2012) dahil sa ang mga lalaking Hapon ay kalimitang nakararanas ng presyur kundi man opresyon sa kani-kanilang trabaho, ang mga bagay na ito ay ibinabaling nila sa paghahanap ng pansamantalang aliw sa anyo ng paglilibang at pakikipagtalik. Bunga nito, lumubo ang mga dayuhang *entertainer* sa Japan na mula sa mga mahihirap na pamilya at bansa gaya ng Pilipinas.

Bagaman may naibibigay na ginahawa sa aspekto ng kabuhayan ang pagtatrabaho at paninirahan sa bansang Japan, dahil sa mataas na pasahod at maayos na pamamalakad ng pamahalaan kumpara sa Pilipinas, hindi rin maitatangging maraming mga Pilipino, partikular na ang mga Pilipinang nagtrabaho bilang *entertainers*, nakapangasawa, at nanirahan sa

Japan ang nakaranas ng kalupitan sa bansang ito at sa mga kamay ng mga mapang-abusong Hapon. Halimbawa, patunay rito ang mahigit na isang libong kaso ng pang-aabuso na naitala ng *Filipino Migrants Center* sa Nagoya, Japan mula nang ito ay mabuo noong 2000 (Center offers help to abused Filipinos, 2013). Samantala, sa pananaliksik nina Douglass (2000), De Dios (1992), at Matsui (1995) na binanggit ni Suzuki (2000), danas ng mga Pilipinang nagtrabaho sa Japan bilang *entertainer* ang pang-aabusong seksuwal kung saan kapag sinubukan ng mga babae na tumanggi o lumaban sa mga *yakuza*, sila ay pinaparusahan sa anyong pisikal, mental, emosyon, at ekonomikong pang-aabuso. Pinilit din silang gumamit ng droga at kinukumpiska ang kanilang mga dokumento para hindi sila makatakas. Sa mga kasong ito, masusuri na sanga-sanga ang sanhi ng pang-aabuso sa mga nasabing *entertainers* gaya ng kawalan ng mataas na edukasyon, kakulangan as kaalaman sa kultura ng bansa, pagiging babae, pagiging *hostess*, pagiging maybahay, pagiging mahirap, at dayuhan sa isang bansang may mataas na pagtingin sa sarili kumpara sa iba. Patunay rito ang kawalan o kahinaan ng mga batas sa Japan na lalaban sa rasismo at diskriminasyon sa ibang lahi.

Ang datos at naratibong ito ng pang-aabuso sa mga Pilipina ay ilan lamang sa mga kasong naitala ng mga mananaliksik at kinauukulan. Subalit batid nating mas marami pang kaso ang maaaring hindi naririnig o naiparating sa mga kinauukulan bunga ng takot na kanilang nararanasan at ang posibleng paninisi (*victim blaming*) pa sa kanila sakaling isiwalat nila ang kanilang mga karanasan ng pang-aabuso.

Pangunahing layunin ng papel na ito na ilarawan ang danas ng isang Pilipinang nakapagtrabaho, nakapangasawa, at nanirahan sa Japan sa pamamagitan ng kaniyang naratibo na daragdag pa sa mga tinig ng biktima ng isang lipunang patriyarkal upang magsilbing patunay sa mga karahasang nararanasan ng mga Pilipinong manggagawa sa isang bansang ang sistemang patriyarkal ay mahirap mabuwag.

Kahalagahan ng Pananaliksik

Salaming maituturing ang resulta ng pag-aaral na ito sa lahat ng mga Pilipinang nangibang-bansa bilang manggagawa, nag-asawa at nanirahan sa ibang bansa partikular na sa Japan. Ang papel na ito ay

magsisilbing boses ng mga kababaihang nakaranas ng kalungkutan, pagkabigo, opresyon, at diskriminasyon. Sa panahon ng paninirahan sa banyagang bansa at pakikisama sa isang dayuhang asawa. Ang pananaliksik na ito ay makapagbibigay ng mga impormasyong tiyak na magagamit sa lubos na pag-unawa sa kalagayan ng mga Pilipinang nasa ilalim ng ganitong penomenon. Ang pag-aaral ding ito ay isang *call-to-action* sa pamahalaan ng Pilipinas upang magsagawa pa aksiyon na magkaroon ng isang kongkreto, may ngipin, at makabuluhang plano at polisiya para sa mga Pilipinong nakaranas ng pang-aabuso.

Metodolohiya ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskritibong disenyo bilang disenyo ng pag-aaral sapagkat layunin nitong ilarawan ang danas at dahas na naranasan ng kalahok sa ilalim ng patriyarkal na lipunan at sa kamay ng isang mapang-abusong asawa at dayuhan. Gamit ang malalimang panayam bilang pangunahing metodo sa pananaliksik, nagawang maikuwento ng kalahok ang kaniyang madilim na karanasan sa nasabing lipunan at kamay ng kaniyang dating asawang Hapon. Sa panahong ito, pinangibabaw ng mananaliksik na sagutin at magkuwento lamang ang kalahok ng kaniyang danas sapagkat habang ang kalahok ay nagkuwento nang malaya, doon nila mas naiintindihan ang kanilang sariling emosyon at nakakaramdam ng ginhawa matapos mailabas ang saloobin o pananaw. Gayundin, bilang isang indibiduwal at babaeng dumanas ng mabibigat at madilim na karanasan, ang ganitong pamamaraan ay nagbibigay sa kaniya ng awtentisidad at kapangyarihan sa sariling kuwento (*agency and ownership*). Samakatuwid, iniwasan ang labis na pagtatanong na maaaring ang maging dating sa kalahok ay interrogasyon na maaaring magdulot ng kaba sa kaniyang bahagi.

Mula sa panayam ay matiyagang isinalin ng mananaliksik ang mga nakalap na impormasyon upang makabuo ng isang masinop na transkripsyon na naging batayan ng mananaliksik upang makabuo naman ng naratibo tungo sa ganap na pag-unawa sa buhay na sinapit ng kalahok sa kanyang asawa at lipunang Hapon. Matapos ito ay ipinabasa ng mananaliksik ang kaniyang nabuong kuwento sa kalahok ng pag-aaral upang matiyak ang katotohanan at integridad ng nasabing kuwento o naratibo.

Samantala, sadyang itinago ng mananaliksik ang tunay na pangalan ng kalahok na ito sa ngalan ng etikal na pananaliksik at proteksyon sa kalahok.

Kwentong Buhay ni Rina¹

Sa unang pagkakataon nang aming pagkikita ay bakas sa kanya ang pagkakaroon ng maaliwalas na mukha. Hindi nga ako nagkamali, masayahin si Tita Rina. Sa katunayan, madalas siyang tumawa at ngumiti noong nagaganap ang panayam ko sa kaniya. Sa kasalukuyan siya ay naninirahan sa Caloocan City kasama ang kanyang pinakamamahal na anak na itinuturing niyang pinakamagandang nangyari sa kanyang buhay sa kabila ng bigong relasyon niya sa kanyang asawang Hapon at sa lipunang Hapon.

Matapang at mapagtiis ang paglalarawan niya sa kanyang sarili. At iyan naman ay pinatunayan niya sa pamamagitan ng pagharap sa mga suliranin ng buhay na kanyang naranasan sa kaniyang pananatili sa isang toxic na relasyon at lipunang Hapon. Subalit, sa kabila ng hindi magandang karanasan niya sa kanyang asawang Hapon ay lubos na niya itong pinatawad sapagkat ayon sa kaniya ay walang puwang ang pagtanim ng sama ng loob sa isang indibidwal lalo pa't nabigyan naman siya ng isang anak na nagbibigay sa kanya ng labis-labis na kaligayahan. Hindi gaya ng ibang ina, tinuruan niya ang kanyang anak na lumaki nang walang galit sa kanyang ama sa kabila ng mga negatibong karanasan.

Bicol Patungong Maynila

“Subalit napilitang kaming pumunta ng Maynila dahil sa aming tiyuhin.

Madalas kasing mag-amok ang kapatid ng aking tatay sa tuwing malalasing ito. Sa katunayan, kapag nagwawala na siya kung saan-saang silong na kami nagtatago dahil sa dala ng takot na baka matamaan kami ng kanyang dalang itak.”

Lumaki ako sa Bulan, Sorgoson, Bicol. Pito kaming magkakapatid. Hindi ako nakapagtapos ng pag-aaral dahil na rin sa usaping pinansyal. Kaya tanging antas elementarya lamang ang natapos ko. Pero sa kabila nito, masasabi kong maayos naman ang buhay namin doon. Hindi man marangya ang aming pamumuhay ay masasabi kong masaya naman kami bilang pamilya. Subalit napilitang kaming pumunta ng Maynila dahil sa aming tiyuhin. Madalas kasing mag-amok ang kapatid ng aking tatay sa tuwing siya ay malalasing. Sa katunayan, kapag nagwawala na siya kung saan-saang silong na kami nagtatago dala ng takot na baka matamaan kami ng kanyang dalang

itak. Natatandaan ko pa na sa tuwing mag-aamok ang kapatid ni Tatay, hindi namin maipaliwanag ang kaba sa aming mga dibdib. Upang maiwasan ang ganitong mga pangyayari ay nagpasya na lamang ang mga magulang ko na lisanin ang Bicol at makipagsapalaranan sa Kalakhang Maynila. Ayaw kasi ni Nanay ng magulong kapaligiran. At isa pa, inisip nina nanay at tatay ang kaligtasan namin kasi nakikita nila ang takot sa aming magkakapatid sa tuwing mag-aamok ang aming tiyuhin.

Unang lumuwas ang Tatay ko sa Maynila para maghanap ng trabaho. Sa kabutihang palad ay kaagad namang nakakuha ng trabaho si Tatay bilang *security guard*. Matapos iyon ay sumunod na kami sa kaniya. Maraming tanong sa aking isip noon. Pero mas nangingibabaw ang positibong emosyon na dala ng aming paglisan sa Bicol. Masaya ako kasi alam kong magiging malayo na kami sa aming tiyuhin na pinagmumulan ng aking takot. Subalit sa likod ng pakiramdam kong ito ay naghihintay pala ang paghihirap na hindang-hindi ko inaasahan. Noong nasa Sorsogon pa kami kahit papaano ay may nakukuhang produkto ang tatay namin sa kanilang lupa na maaaring makain ng aming pamilya. Kaiba sa Maynila na halos lahat ng produkto ay kailangang tumbasan ng pera. Kung wala kang pambili ay wala ka ring makakain. Bagama't may trabaho ang panganay kong kapatid ay hindi naman siya tumutulong kina Tatay at Nanay sa mga gastusin sa bahay sapagkat ang kanyang kinikita ay para lamang sa kanya. Kaya para makatulong sa gastusin ng pamilya ay nagtrabaho na rin ako sa edad na labing-anim. Nagtrabaho ako bilang *service crew* sa isang *fast food* Maynila hanggang sa lumipat ako sa isang *Japanese Restaurant* at sa *textile company*. Pero hindi pa rin sapat ang aking kinikita para makatulong nang lubos sa aking pamilya. Sabi ko kailangan kong kumita ng malaki kasi kung hindi, tiyak na patuloy na maghihirap ang aking pamilya. Naawa na rin ako sa aking mga magulang. Kaya doon ko naisip na mag-Japan. Usong-uso kasi ito noon. Ako kasi ang panganay na babae kaya wala akong *choice* kundi gawin ang tungkulin ko para sa kinabukasan ng aking pamilya.

Pasaporte Patungong Japan

“Sa totoo lang pagod at pawis ang aming pinuhunan para lamang mapaghusay ang aming pag-e-ensayo ng mga nasabing sayaw nang sa ganoon ay mapagbuti namin ang aming trabaho sa Japan. Salamat sa Diyos at nagbunga ang aking paghihirap. Nakatuntong din ako sa Japan. Sabi ko noon sa sarili ko, ito na ang simula ng magandang buhay para sa aking pamilya.”

Hindi biro ang pinagdaanan kong paghihirap para lamang makatuntong sa Japan upang kumita ng pera para sa pamilya. *Twenty three years old* ako noon nang maisipan kong pumunta ng Japan para makatulong sa pamilya. Ang dati kong guro sa PE noong *elementary* ang naging dahilan kung bakit ako nakapagtrabaho sa Japan. Kasi noong panahong iyon ay nagmamay-ari siya ng isang *agency* na nagpapaalis ng mga Pilipina na nagnanais magtrabaho sa Japan bilang isang *entertainer*.

Sa pagkakaalam ko ay nakapag-ipon siya nang malaki sa kanyang pagtatrabaho sa Japan bilang *professional singer* kaya siya nakapagpatayo ng nasabing *agency*. Bago makapunta doon at magtrabaho, kailangan pa naming dumaan sa mga *training* para maging isang mahusay na *entertainer* sa Japan. Halos isang taon akong nag-training dito sa atin. Pinag-aralan namin ang iba't ibang klase ng sayaw. Kailangang ma-perfect para magustuhan daw ng mga Hapon ang aming magiging *show* doon bilang mga *entertainer*. Kaya naman talagang dinibdib ko ang pag-e-ensayo ng sayaw. Sa totoo lang pagod at pawis ang aming pinuhunan para lamang mapaghusay ang aming pag-e-ensayo ng mga nasabing sayaw nang sa ganoon ay mapagbuti namin ang aming trabaho sa Japan. Salamat sa Diyos at nagbunga ang aking paghihirap. Nakatuntong din ako sa Japan. Sabi ko noon sa sarili ko, ito na ang simula ng magandang buhay para ang aking pamilya.

Taliwas sa Inaasahan

"Pagdating pala doon magiging hostess kami na pinagsisilbihan ang mga Hapon to the extent na hihipuan ka ng mga kostumer. Ite-table ka at kapag natipuhan kang ilabas para magamit ay mapipilitan kang sumama. Hindi ito sinabi ng manager namin sa Pilipinas. Kaya nakipagtalo ako sa manager nung lugar (sa Japan) na pinagdalan sa amin."

Hindi ko inaasahan ang uri ng trabaho na naghihintay sa akin sa Japan. Kailanman ay hindi ko naisip na ibenta ang aking katawan para lamang magkapera o may makain ang pamilya. Ang pangarap ko ay trabahong marangal para sa akin. Sa unang araw ko palang sa Japan ay may pagdududa na ako na iba ang magiging trabaho namin. Paano ba naman ay pinaghiwa-hiwalay kami ng aking mga kasama. Pero doon pa lang ay umalma na ako. Okay lang naman sana kung iyon ang sinabi sa amin pero hindi eh. Taliwas sa pinag-usapan namin sa Pilipinas. Kung sinasabi na nila na ganito o ganoon ang gagawin ninyo sa Japan ay magba-back-out na ako. Pero ang sabi sa amin magso-show lang kami. Hindi kasi ako pumunta doon bilang *hostess*. Hindi kasi ako ganoong tao. Hindi ako ganoong babae. Hindi ko maatim na kumain ng pagkain na ang pinambili ay galing sa hindi marangal na gawain. Pero pagdating pala doon magiging *hostess* kami na pinagsisilbihan ang mga Hapon to the extent na hihipuan ka ng mga kostumer. Ite-table ka at kapag natipuhan kang ilabas para magamit ay mapipilitan kang sumama. Hindi ito sinabi ng *manager* namin sa Pilipinas. Kaya nakipagtalo ako sa *manager* nung lugar na pinagdalan sa amin. Maliit na lugar lang ito na mukhang *cabarette*. Lugar na hindi talaga pwedeng pagsayawan o pagdausan ng *cultural show*. Kaya wala talagang *show* na magaganap. Kaya unang linggo ko pa lang sa Japan, tumawag na agad ako sa Pilipinas. Kinausap ko ang *manager* na nagpaalis sa amin sa Pilipinas. Sabi ko, Tita, bakit naman po ganoon? Wala naman po sa pinag-usapan natin na magiging *hostess* kami dito. Bakit kailangang i-table ng mga

kostumer? Ang sagot lang sa akin. Ganoon talaga. Pero magso-show din kayo. Hintayin mo lang. Sabi ko, Tita, paano kami magso-show eh ang liit lamang ng lugar na pinagdalahan sa amin. Paano magaganap ang pagsasayaw doon? Paano magkakasya ang anim na tao sa ganito kaliit na lugar? Sabi n'ya, hindi talaga kayo diyan magso-show. Kapag magso-show kayo ay doon kayo sa malaking club na malapit lang din diyan. So, ang nangyayari kapag magso-show kami ay pupunta pa kami sa sinabi niyang *club*. Eh, winter noon kaya ang sobrang lamig. Ang suot pa namin ay *longsleeve* na manipis. Bitbit namin ang mga *costume*. Kaya ang hirap. Pero *after* ng *show* ay babalik kami doon sa maliliit na pwesto para naman i-table ng mga kostumer. Kung sa Pilipinas ay hindi ako nababastos, doon sa Japan unang naranasan ko ang mabatos. Hinipuan ako sa puwitan ng isang matandang Hapon nang minsang isayaw niya ako. Sa gulat ko ay hindi ako nakapagpigil kaya bigla ko siyang sinampal. Dahil sa pangyayaring ito ay pinatawag ako ng *mamasan* namin. Kinausap ako. At sinabi ko naman ang nangyari. Natapos naman iyon nang maayos. Humingi ng depensa ang Japanese gayundin naman ako. Sinabi ko na pasensya ka na kong bigla kitang nasampal. Nabigla din kasi ako sa pangyayari. Lumipas ang mga araw, pinagpatuloy ko na lang din ang pagtatrabaho doon sa maliit at malaking *club*. Naisip ko kasi na kailangan kong kumita para sa pamilya. Pero hindi ako pumapayag na magpahipo at ilabas ng kostumer di gaya ng iba kong kasama.

Muntik na Akong Magahasa

"Kinuha ko iyong bolpen ko sa bag ko para kung ano man ang mangyari magagamit ko ito bilang pantanggol sakaling lumala ang sitwayson. Inalerto ko na rin ang kasama kong katrabaho noong oras na iyon. Kaya naman naging ganoon ang pag-iisip ko kasi binilinan na kami ng isang Pilipina na mag-ingat kayo sa ibang Hapon lalo na kung ilalabas kayo ng club kasi maaari kayong dalhin sa mga Love Hotel para sapilitang makipag-sex sa inyo."

Mayroon akong kostumer na may edad na na nagpaalam sa may-ari ng *club* na pinagtatrabahuhan ko na kung pwede daw akong mailabas. Okay lang naman sa akin iyon. Pero ang sabi ko sa may-ari ng *club* na papayag lang ako kung may kasama akong iba pang *entertainer* kasi ayaw kong lumabas ng kami lang dahil na rin sa takot na baka may gawing iba sa akin ang matandang Hapon. Hindi naman ako nabigo. Binigyan ako ng *mamasan* namin ng makakasama. Pero laking gulat ko na lamang nang makita kong may kasama pa siyang isang lalaki sa loob ng kotse. Eh, nakasakay na kami noon kaya wala na rin akong magawa. Isa pa, pinatakbo agad nung Hapon ang aming sinasakyan. So, kinabahan na ako noon. Kaya ang ginawa ko inihanda ko na ang aking sarili. Kinuha ko iyong bolpen ko sa bag ko para kung ano man ang mangyari ay magagamit ko ito bilang pantanggol sakaling lumala ang sitwayson. Inalerto ko na rin ang kasama ko noong oras na iyon. Kaya naman naging ganoon ang pag-iisip ko kasi sinabihan na kami noong isang Pilipina na mag-ingat kami sa ibang Hapon

lalo na kung ilalabas kami ng *club* kasi maaari kaming dalhin sa mga *Love Hotel* para sapilitang makipag-sex. Iyon agad ang naisip ko na baka dalhin kami sa ganoong *hotel*. Hanggang sa napansin ko na parang ang layo-layo na namin. Nagsalita na ako. Sabi ko, akala ko ba'y sa *family restaurant* n'yo kami dadalhin? Nalagpasan na natin ang mga *restaurant* ah. Saan ba tayo pupunta? Sabi noong Hapon, huwag kayong mag-alala kasi malapit na. Sabi ko, paanong malapit na eh nasa *highway* na tayo. Ang dami ng palayan dito. Malayo na tayo. Hanggang sa maya-maya pa ay nakita ko na lamang na iniliko niya ang kotse upang pumasok nga sa isang *Love Hotel* doon. Kinabahan na ako. Kaya naman noong huminto na ang sasakyan ay dali-dali akong bumaba. Iyon namang kasama ko ay hindi pa nakaramdam. Ang ginawa pa niya ay nanatili pa sa sasakyan. Ako naman nagsisisigaw na. Sabi ko bumaba ka na diyan kasi gagahasain na tayo ng mga Hapon na iyan. Doon lamang bumaba ang kasama ko. Matapos iyon dali-dali kaming tumakbo papalayo sa *Love Hotel*. Kabadong-kabado ako noon kasi alam kong pwede nila kaming sundan at maabutan kasi may sasakyan sila. Hindi ko alam ang gagawin ko. Basta ang malinaw, gusto kong makalayo ako sa *Love Hotel* upang maiwasan ang anumang masamang balak sa amin. Mayamaya pa ay nakita kong may sumusunod na sa aming kotse. Sinundan kami ng dalawang Hapon. Sabi nila sumakay na ulit kayo kasi binibiro lamang namin kayo. Anong binibiro? May balak kayong masama sa amin na hindi natin pinag-usapan. Hindi kami sasakay sa kotse mo. Iyon ang sabi ko. Halos kalahating oras na siguro kaming naglalakad hanggang sa nakaramdam na kami ng pagod at init. Kaya napilitan din kaming sumakay muli sa kotse ng Hapon. Pero mas listo na ako ngayon. Nilaksan ko na lang talaga ang loob ko kasi hindi ko alam ang lugar na iyon. Hanggang sa tinotoo naman nila. Inuwi na nila kami sa tinutuluyan naming bahay. Pagdating ko doon, iyak ako nang iyak. Nagsisigaw ako. Sabi ko, masasama kayo. Masama ang balak ninyo sa amin. Tapos, nakita ko na binibigyan ng Hapon ng pera itong kasama ko. Sabi ko talaga, huwag mong tatanggapin iyan. Hindi natin kailangan ng pera sa mga taong may masamang intensyon sa kapwa nila. Mula noon, naging maingat na ako sa mga sumunod na naging kostumer ko. Hindi na talaga ako sumasama sa labas.

Nakilala ko ang Asawa Ko

"Almost one month kaming nasa stage ng ligawan. Hindi rin siya masalitang manliligaw. More of giving gifts siya. Madalas siyang magbigay ng mga materyal na bagay gaya ng bulaklak at chocolate."

Hindi *romantic* ang aming unang pagkikita. Hindi gaya ng ibang *love stories* gaya ng sa pelikula. Sa katunayan, sinungitan niya ako. Una ko siyang nakita at nakilala sa club na aking pinagtatrabahuhan. Kostumer kasi siya that time. Actually, hindi niya ako gusto noong una. Naalala ko pa na sinabi niya sa akin na ayaw niya sa akin. So, sa akin naman wala lang talaga. Sabi ko sa sarili ko, kung ayaw mo sa akin, eh okay lang. Sabi ko na lang sa mga kasama ko, oh, sino ang may gusto doon? Ayaw sa akin eh?

Mag-iingat nga lang kayo kasi masungit. Tapos maya-maya ay *order* siya nang *order*. Mukhang nagpapakitang gilas. Mayamaya pa ay tinawag na din niya ako. S'yempre dahil sa kostumer ay pumunta pa rin ako. Pero nandoon na iyong ilangan dahil sa naunang insidente. Sinupladuhan mo ako, so, susupladahan din kita, iyon naman ang nasaisip ko hanggang sa nagkwentuhan din kami.

Pero noong mga sumunod na araw ay madalas na siyang pumupunta sa *club* na aking pinagtatrabahuhan. Nagtataka ako kasi madalas ako ang gusto niyang kausap. Doon ko nalaman na may gusto daw pala siya sa akin. Almost *one month* kaming nasa stage ng ligawan. Hindi rin siya masalitang manliligaw, *more of giving gifts* siya. Madalas siyang magbigay ng mga materyal na bagay gaya ng bulaklak at *chocolate*. Pero hindi ko iyon hiniling ha. Siya ang nagkukusang ibigay ito sa akin. Hanggang sa na-inlove na din naman ako sa kanya at naging kami. Pero nang kinausap ako ng *boss* ko sa *club* doon ko nalaman na may asawa pala siya. Hindi ako makapagsalita ng *time* na iyon kasi kami na ngang dalawa. Kumbaga, *boyfriend* ko na siya at *girlfriend* na niya ako. *Too late* ko na naman na nalaman na may asawa pala itong tukmol na ito. Ang ginawa ko kinonpronta ko siya. Sabi ko, may asawa ka na pala ah. Bakit di mo sinabi sa akin? Sabi ko *break* na tayo. *Stop* na ito. Kaso naglasing siya. Sobrang nagpakalango siya sa alak noon. Pinuntahan ako sa *club*. Sinabi niya na hindi siya aalis ng *club* hangga't di ako nakikipag-usap sa kanya. Saglit lang daw. Sumama daw ako sa kanya. Sabi ko, oras ng trabaho ngayon, di ako pwedeng lumabas. Ang ginawa niya, kinausap iyong *manager* ko. Pumayag naman ito kasi ang paalam lang naman nitong *boyfriend* kong Hapon ay mag-uusap lang kami. Noong nasa labas na kami ng *club*, pinapasok niya ako sa sasakyan n'ya at pinatakbo ito nang mabilis. Sabi ko, dahan-dahan. Mamatay tayo nito. Lasing ka pa. Ano ba ng gusto mo? Hanggang noong nakarating na kami sa may burol, doon lamang niya hininto ang kotse nya. Doon kami nag-usap. Tinatakot ako ng Hapon, kapag di daw ako nakipagbalikan ay magpapakamatay siya. Sasakay daw siya sa kotse at ilalaglag niya ito sa burol. Wala akong nagawa. Nakipagbalikan ako sa kanya bunga ng takot kong ito na siya ang gumawa.

Kasal sa Pilit

"Sa katunayan, kinausap ng Tito ko iyong asawa kong Hapon. Mukhang tinakot yata ito kaya napilitan na lang ding magpakasal sa akin. Noong una kasi ayaw niya talaga pero wala din naman siyang nagawa."

Taong 1985 nang kinasal kami ng asawa kong Hapon. Masasabi kong napilitan lang sa pagpapakasal sa akin ang asawa kong Hapon kasi hindi na ako pumayag na hindi makasal sa kanya dahil sa may nangyari na sa amin. Kasi may nangyari sa amin na hindi dapat mangyari kasi may asawa pa nga siya. Naipangako ko kasi sa sarili ko na kung sino ang lalaking makakauna sa akin ay siya ang pakakasalan ko kahit hindi ko pa ito ganoon kamahal. Pinanghawakan ko ang prinsipyo kong iyon. Pero maluwig naman

ito sa aking kalooban. Kasi sabi ko total nandyan na iyan, panindigan ko na lamang. Basta ang inisip ko noon kailangan siya na ang mapakasalan ko kasi siya na ang nakauna sa akin. Mahirap naman kung iba-iba. Ayaw ko nang ganoon. Pero hindi ko naisip nang oras na iyon ang mga posibleng negatibo epekto nito sa hinaharap. Basta ang mahalaga at naiisip ko noon ay panindigan ang prinsipyo kung iyon. Talagang noong time na iyon desidido na ako na magpakasal sa kanya. Kaya ang ginawa ko ay kinausap ko ang Tito ko. Noong *time* kasi na iyon ay nasa Pilipinas kami. Sabi ko sa Tito ko ay gusto ko nang magpakasal kasi nga may nangyari na sa amin at isa pa ay nagkaka-edad na rin ako. Hindi naman ako nabigo. Sa katunayan, kinausap ng Tito ko iyong asawa kong Hapon. Mukhang tinakot yata ito kaya napilitan na lang ding magpakasal sa akin. Noong una kasi ayaw niya talaga pero wala din naman siyang nagawa.

Panggigipit sa Kamay ng Asawa

"Pakiramdam ko ay wala siyang tiwala sa akin pagdating sa pera. Baka kasi iniisip niya na kung sakaling bigyan niya ako ng pera ay ipadala ko lang ito sa Pilipinas. Naging mahirap sa akin ang kalagayan kong iyon. Kasi iniisip ko paano kung emergency, ano ang gagawin ko? Walang-wala akong pera."

Hindi ko alam kung maniniwala ka pero sa unang yugto pa lang namin bilang mag-asawa ay alam ko na walang patutunguhan ang aming pagsasama. Sa katunayan, sa unang apat na buwan ng aming pagsasama bilang mag-asawa ay doon ko na natuklasan ang tunay niyang ugali. Danas na danas ko ang paghihigpit. Madalas ay mag-isa lamang ako sa bahay namin sa Japan. Malungkot talaga, kasi wala akong makausap noon. Ayaw kasi niya akong palabasin ng bahay nang basta-basta. Pinagbawalan din niya akong makipag-usap sa aming mga kapitbahay. Sa katunayan, kabilin-bilinan niya na bawal akong magtagal sa labas kung sakaling magsasampay man ako ng aking mga nilabhan. Kapag tinatanong ko naman kong bakit ay wala naman siyang maibigay na konkreong sagot sa akin. Dahil sa nag-adjust pa lang ako noon sa buhay may-asawa ay sinunod ko na lang lahat ng kanyang kagustuhan labag man ito sa aking kalooban.

Doon ko na rin naranasan ang panggigipit. Kung gaano siya kagalante noong nililigawan niya ako ay siyang kabaliktaran noong naging mag-asawa na kami. Kahit kailan ay hindi niya ako pinagkatiwalaan sa pera hindi gaya ng ibang maybahay. Sa buong pagsasama namin ay siya ang naggo-grocery, at nagbabayad ng ilaw at koryente. Pakiramdam ko ay wala siyang tiwala sa akin pagdating sa pera. Baka kasi iniisip niya na kung sakaling bigyan niya ako ng pera ay ipadala ko lang ito sa Pilipinas. Naging mahirap sa akin ang kalagayan kong iyon. Kasi iniisip ko, paano kung emergency, ano ang gagawin ko? Walang-wala akong pera. Madalas wala naman siya sa bahay kasi tumatao siya sa *club* na pagmamay-ari nila ng kaibigan niya. May mga panahon din na ang kinakain lang namin ay mga halaman na kinukuha niya sa kapagiliran ng bahay namin. Hindi ko alam

kung totoong pagkain ito pero kinain naman niya. Hindi ko malaman kung nagtitipid ba siya o talagang kuripot o madamot siya kasi mismong sa pagkain ganoon ang ugali niya. Dahil sa ganitong sitwasyon ay nagsabi ako sa kanya na kung maaari akong magtrabaho sa *club* nila nang sa ganoon ay magkaroon ako ng sariling kita at malibang ko naman ang sarili ko. Pumayag naman siya. Pero sa bandang huli ay ako pala ang magiging talo. Kinuha nila ako bilang empleyado subalit hindi nila ako pinapasahod bilang empleyado. Taliwas sa una naming usapan. Kaya ang nangyayari ay talagang gipit na gipit ako sa pera. Laking pasasalamat ko na lamang sa mga tip na ibinibigay ng kostumer ko sa akin. Kung hindi pa siguro ako nagtrabaho sa *club* niya, malamang kahit mga pansarili kong pangangailangan ay hindi ko mabibili kasi ramdam ko naman na wala siyang balak na gumastos sa akin sa mga pangangailangan ko. Hindi talaga siya nagbibigay. Ang problema pa sa kanya, kapag nagbigay sa akin ng malaking pera o regalo ang kostumer at nalaman niya, pinapasauli pa niya ito. Sabi ko bakit ko ito isasauli? Hindi ko iyan hiningi. Kusang-loob naman nilang ibinigay sa akin iyan. Tapos magagalit pa siya. Tinanong ko naman kung bakit? Basta isauli mo. Iyon lang naman ang sagot niya. Ako naman ang nakita ko doon ay tinatamaan ang kanyang *pride* kasi iyong mga kostumer na nagbibigay sa akin ay pawang kakilala siya. Baka iniisip niya ang iisipin noong mga kostumer ko—na hindi niya kayang ibigay ang mga pangangailangan ko—na *deprive* ako sa pera. Totoo naman na di niya ibinibigay ang mga pangangailangan ko. Kung sana ay nagbibigay siya ng pera para mabili ang pangangailangan ko bilang asawa niya, mabilis naman akong kausap. Hindi ko tatanggapin iyong mga binibigay ng kostumer pero hindi eh. Ginigipit niya ako.

Para Akong Alipin

“Sa Japan kasi parang may kultura sila na submissive ang babae. Kapag nand’yan ang asawa mo dapat silang pagsilbihan. Kaya sa tuwing darating ang asawa ko kailangan kong magkumahog para lamang magluto ng kanyang makakain kasi kung hindi ko gagawin iyon magagalit na naman siya. Tungkulin daw kasi ng asawang babae ang pagsilbihan ang kanyang asawang lalaki.”

Sa mga ordinaryong araw, madalas ay tulog siya maghapon. Umaabot nga ito ng 48 hours. Kasi sobrang *workaholic* nga niya. Binabawi n’ya yata ang puyat at pagod niya. Kaya kung titingnan halos wala na siyang panahon sa akin bilang asawa niya. Pagkagising naman niya kailangan ko na siyang ipaghandang almusal kasi maghahanap iyan ng makakain. Kung hindi mo naman susundin magagalit siya. Sa Japan kasi parang may kultura sila na submissive ang babae. Kapag nand’yan ang asawa mo dapat silang pagsilbihan. Kaya sa tuwing darating ang asawa ko, kailangan kong magkumahog para lamang magluto ng kanyang makakain kasi kung hindi ko gagawin iyon magagalit na naman siya. Tungkulin daw kasi ng asawang babae ang pagsilbihan ang kanyang asawang lalaki. Sa katunayan, kailanman ay hindi siya tumutulong sa mga gawaing bahay. Ang tingin kasi

niya ay obligasyon ko iyon bilang asawa niya. Okay lang naman iyon basta marunong lang sana siyang maka-appreciate pero hindi rin eh. Kahit paputiin ko pa ang buong bahay *never* niyang na-appreciate ito. Wala lang talaga sa kanya iyong mga ginagawa ko. Di niya napapansin. Tingin niya sa akin tagapagsilbi. Sa buong pagsasama namin masasabi kong limitado lamang talaga ang pagsasama namin bilang mag-asawa. Kasi hindi mo maramdaman.

Babaero ang Aking Asawa

“Hanggang dumating na lang ako sa yugto na tinanggap ko na lang iyong pambababe niya. Kasi wala na rin naman akong magawa. Kasi sa tuwing pag-uusapan o pagtatalunan namin ang tungkol diyan palagi niya akong sinasaktan. Kaya naisip ko na kaysa palagi niya akong saktan mas mabuti pang tanggapin ko na lang at ako na lang ang gumawa ng way para protektahan ang sarili ko gaano man iyon kasakit sa pagkatao ko, sa pagkababae ko.”

Ang pambabae na yata ang isa sa mga madalas naming pagtatalunan bilang mag-asawa. Kaya ko pa kasing tiisin ang panggigipit niya sa pera pero ang tapakan at yurakan ang pagkababae ko ay ibang usapan na. Nalaman ko ang pambabae ng asawa ko nang minsang makausap ko ang kaibigan kong *entertainer* na nagtatrabaho din sa *club* na pagmamay-ari ng asawa ko. Ibinalita sa akin ng kaibigan ko na panay na panay ang regalo nito sa isang *entertainer* na nagtatrabaho din sa *club* na iyon. Sabi ko, hindi ito pwede. Nagpapakagastos siya sa ibang babae tapos ako na asawa niya ay kanyang ginigipit? Ang natatandaan ko ay uminom muna ako ng alak bago ko komprontahin ang babae ng asawa ko. Kumbaga kumuha muna ako ng lakas. Hanggang sa kinompronta ko iyong babae. Deretsahang sinabi ko sa kanya na tigilan na niya ang pagpatol sa asawa ko kasi may asawa na ito. Huwag naman ganoon. Pare-pareho tayong Pilipino tapos tayo-tayo pa rin ba ng mag-aaway dito. Huwag ganoon. Huwag tayong maggaguhan. Ano-ano na ba ang pinagbibigay ng mister ko sa iyo? Nasaan? Babasagin ko ngayon. Sabi kong ganyan. Kasi noong oras na iyon alam mong ang sakit-sakit sa dibdib na iyong mister mo ay may babae. Naghahalo na iyong selos at sama ng loob. Matapos ang engkuwetrang iyon imbes na matakot o magsisi ang mister ko, ako pa ang kanyang pinagalitan. Sa sama ng loob ko, hindi ako umuwi ng bahay. Pinipilit niya akong umuwi ng bahay pero nagmatigas talaga ako noong oras na iyon. Gusto ko kasing mag-isip. Gusto ko munang mapag-isa. Hanggang sa matapos ang ilang araw, napilit din niya akong sumama sa kanya pero imbes na tumuloy kami sa bahay namin ay dinala niya ako sa isang room doon sa club. Doon niya ako iniwan. Winter noon kaya ang sobrang lamig. Nanginginig ako sa sobrang lamig. Pero parang wala siyang pakialam. Wala na lang akong nagawa noong oras na iyon kundi ang umiyak. Iyak ako nang iyak. Alam mo iyong naramdaman ko na parang hindi *concern* iyong asawa mo sa iyo. Iba pala iyong pakiramdam na parang balewain ka ng taong akala mo ay siyang dapat poprotekta sa iyo. Hanggang dumating na lang ako sa yugto na tinanggap

ko na lang iyong pambababe niya. Kasi wala na rin naman akong magawa. Kasi sa tuwing pag-uusapan o pagtatalunan namin ang tungkol diyan palagi niya akong sinasaktan. Kaya naisip ko na kaysa palagi niya akong saktan, mas mabuti pang tanggapin ko na lang at ako na lang ang gumawa ng way para protektahan ang sarili ko gaano man iyon kasakit sa pagkatao ko, sa pagkababae ko. Wala rin akong magawa kasi nakadepende talaga ako sa kanya. Magmula sa pagkain, gastusin sa bahay at iba pa. Nahihirapan din kasi akong kumilos kasi bansa niya iyon. Pero kung Pilipinas lang iyon, naku syempre baka pinadampot ko na iyon. Nakakatakot din kasi ang magsumbong sa mga awtoridad doon kasi di ko alam kong paniniwalaan nila ako.

Kinahihiya niya Ako

“Feeling ko ikinahihiya niya ako kasi Pilipina ako. Ikinakahiya niya ako kasi sa club lang niya ako nakilala. Ikinahihiya niya ako kasi galing ako sa third world country—galing ako sa mahirap na bansa. Ikinahihiya niya ako kasi hindi ako nakapagtapos ng pag-aaral. Ikinahihiya niya ako kasi baka ang tingin niya sa akin ay patay gutom. Parang may mga ganoon akong naiisip bagama’t wala naman siyang sinasabi. Pero nararamdaman ko ikinahihiya niya ako.”

Lahat naman siguro ng babae ay nangangarap na makilala ang pamilya ng kanyang asawa. Gaya ko pangarap ko noon na makilala ang pamilya ng asawa ko. Kasi di ba dito naman sa Pilipinas bukas tayo na makilala ang pamilya ng ating asawa dahil pamilya na rin natin sila. Pero kailanman ay hindi ko nakilala ang pamilya ng asawa ko. Ang katuwiran n’ya naninirahan ang kanyang mga magulang o kamag-anak sa malayong lugar. Mahirap puntahan. Pero isang beses pumunta ang kapatid niya sa bahay namin pero hindi man lang niya ako ipinakilala. Sabi ko bakit di mo pinapasok eh kapatid mo pala iyon? Sabi niya napadaan lang daw. Nagmamadali din daw. So hindi man lang talaga ako nagkaroon ng pakikipag-usap o *socialization* sa mga magulang o kapatid niya. S’yempre bilang asawa niya, masakit iyon. Feeling ko ikinahihiya niya ako kasi Pilipina ako. Ikinakahiya niya ako kasi sa club lang niya ako nakilala. Ikinahihiya niya ako kasi galing ako sa *third world country*—galing ako sa mahirap na bansa. Ikinahihiya niya ako kasi hindi ako nakapagtapos ng pag-aaral. Ikinahihiya niya ako kasi baka ang tingin niya sa akin ay patay gutom. Parang may mga ganoon akong naiisip bagama’t wala naman siyang sinasabi. Pero nararamdaman ko ikinahihiya niya ako. Pero tiniis ko na lang iyon kasi ang inisip ko uuwi rin ako ng Pilipinas. Hindi na ako babalik kasi wala nang patutunguhan ang relasyon namin.

Sex Slave Ako ng Asawa Ko

“One time kasi nang tumanggi akong makipag-sex sa kanya sinaktan niya ako. Sinuntok niya ako sa ulo. Alam mo iyong pakiramdam na wala akong

magawa kasi ang lakas-lakas niya kasi lalaki siya. Iyak na lang ako nang iyak. Pero kahit ganoon ginalaw pa rin niya ako."

Sex lang ang gusto niya sa akin. Sa katunayan sa tuwing uuwi iyan ng bahay hindi pwedeng hindi niya ako galawin. Kapag nandoon siya walang patid ang aming pagtalik. Kahit may ginagawa ako kailangan ko munang itigil iyon kasi kailangan kong makipagtalik sa kanya. Natatakot naman akong tumanggi kasi iniisip ko baka sa iba niya ito gawin at baka magkasakit pa ako. Kaya kahit labag sa kalooban ko ang pakikipagtalik ko, wala na naman akong magawa. Hindi rin naman talaga siya papayag at isa pa nga iniisip ko baka gawin pa niyang rason iyon para ipagpatuloy ang pambabae niya. Parang *emotional blackmail*. Natatakot din akong tumanggi kasi baka saktan ulit niya ako. *One time* kasi nang tumanggi akong makipag-sex sa kanya, sinaktan niya ako. Sinuntok niya ako sa ulo. Alam mo iyong pakiramdam na wala akong magawa kasi ang lakas-lakas niya kasi lalaki siya. Iyak na lang ako nang iyak. Pero kahit ganoon, ginagalaw pa rin niya ako. Hanggang ngayon hindi ko malimutan ang pangyayaring iyon, na iyak ako nang iyak habang ginagamit niya ako. Parang wala siyang pakialaman sa pakiramdam ko basta ang mahalaga ay makaraos lang siya. Marami din siyang posisyon na gustong gawin sa akin pero di talaga ako pumapayag kasi sabi ko hindi ako ganyang babae. Hindi ako *boldstar*. Hindi ako *pornstar*. Huwag mo naman akong igagaya sa mga babaeng bayaran. Nakuha mo akong *virgin* tapos itatrato mo akong ganito. Hindi ako ganoon. Hindi ko iyon makalimutan kasi *torture* sa akin iyong pangyayaring iyon.

Wala Siyang Puso sa Anak Ko

"Hindi pala niya pangarap na magkaanak sa akin. Sa katunayan, nang malaman niyang nagdadalang-tao ako ay dalawang beses niyang pinilit at sinubukang ipalaglag namin iyong anak namin pero hindi talaga ako pumayag. Sinabi ko talaga sa kanya na kung ayaw mo sa anak ko kasi nahihiya ka o ikinakahiya mo kami ay okay lang."

Tuwang-tuwa ako nang malaman kong nagdadalang-tao ako. Isa kasi ito sa mga pinapangarap ko. Subalit ang kaligayahang nararamdaman ko ay kabaligtaran pala ng nararamdaman ng asawa ko. Hindi pala niya pangarap na magkaanak sa akin. Sa katunayan, nang malaman niyang nagdadalang-tao ako ay dalawang beses niyang pinilit at sinubukang ipalaglag namin iyong anak namin pero hindi talaga ako pumayag. Sinabi ko talaga sa kanya na kung ayaw mo sa anak ko kasi nahihiya ka o ikinakahiya mo kami ay okay lang. Pero hindi ko ipalalaglag ang anak ko kasi dugo't laman ko ito. Huwag kang mag-alala kaya kong buhayin at palakihin ang anak ko sa sarili kong sikap. Baby ko ito kaya bubuhayin ko ito. Paninindigan ko ito. Uuwi ako ng Pilipinas.

Pero sa totoo lang ang sama ng pakiramdam ko noon. Iba pala ang pakiramdam kapag narinig mo sa sarili mong asawa na kaya niyang patayin ang buhay ng kanyang sariling anak. Hindi ko maipaliwang ang pakiramdam

ZAFRA

PANGARAP AT PAGKABIGO: Ang Naratibo ng Pakikibaka ni Rina Bilang Babae, Manggagawa, at Dayuhan sa Konteksto ng Lipunang Hapon

ko noon. Ang alam ko lang sobrang sakit lang sa dibdib. Kaya kong tiisin iyong pananakit n'ya. Kayang kong tiisin iyong pambabae n'ya kahit nandidiri ako. Kaya kong tiisin iyong panggigipit n'ya. Pero ang request n'ya na patayin ang anak namin, hindi ko kayang tanggapin. Mula noon, hindi ako umuwi sa bahay. Doon na lang ako nag-*stay* sa club. Hanggang sa dumating yata sa punto na sobrang lungkot ko. Parang na-depress talaga ako noon. *Feeling* ko kasi wala akong kakampi doon. Kasi kahit asawa ko na siyang inaasahan ko ay siya pang sisira sa pamilya na pinapangarap ko. Wala akong ginawa noon kundi ang umiyak. Wala rin naman kasing mangyayari kung kokomprontahin ko pa ang asawa ko kasi desidido siya na ipalaglag ko ang bata. Buti na lang iyong ibang Pilipinang *talent* doon sa *club* ay kino-console nila ako. Kahit papaano ay nararamdaman ko na may karamay ako. Hanggang sa naisip ng asawa ko na pauwiin na lang ako ng Pilipinas. Nang marinig ko iyon, doon ko na tinanggap na wala nang patutunguhan ang relasyong ito. Lalo pa akong nagpuyos sa sama ng loob nang pinipilit pa niya ako na ipalaglag ang bata bago ako umuwi sa Pilipinas. Alam mo dahil sa pangyayaring iyon nawala na iyong paggalang at pagmamahal ko sa kanya. Nang mga oras na iyon, doon ko naisip na sana ay kinilala ko muna ang taong ito bago ako sumabak sa pagpapakasal sa kanya. Siguro kung kinilala ko muna siyang mabuti baka hindi kami nagkatuluyan. Siguro kung kinilala ko siyang mabuti at isinantabi ko iyong prinsipyo ko na kung sino ang makakauna sa akin ay siyang pakakasalan ko, di ko naranasan ang mga bagay na iyon. Doon ko lang na-realize ang *consequences* ng desisyon ko. Kahit papaano alam ko mali ako doon. Pero hindi ito sapat para ipatikim niya sa akin ang pait ng buhay may-asawa at kawalan ng paggalang sa akin bilang babae, bilang tao.

Pagbangon

Positibong emosyon ang aking naramdaman nang makauwi na ako sa Pilipinas. Binuhay ko nang mag-isa ang anak ko. Itinaguyod ko ang kanyang mga pangunahing pangangailangan. Naging masaya ako nang dumating siya. Binuo niya ang nawasak na bahagi ng aking pagkatao.

Sa kabilang banda, bagama't hindi naging maganda ang nangyaring pagsasama namin ng asawa kong Hapon masasabi ko pa ring wala akong pinagsisihan sa naging karanasan kong ito dahil nagkaroon naman ako ng isang anak na nagsisilbing inspirasyon ko sa kasalukuyan. Sa katunayan, mas naging malawak ang pang-unawa ko dahil sa karanasang ito. Doon ko talaga natuklasan na hindi pala talaga pareho-pareho ang ugali ng tao.

Pagsusuri

Hindi maikakailang maraming Pilipino sa kasalukuyang panahon ang nagkalat sa buong mundo bilang mga propesyonal at *skilled workers*. Sa katunayan, sa loob ng limang dekada, libo-libong Pilipino ang umaalis ng bansa sa paghahanap ang magandang oportunidad para sa sarili at pamilya. Sa ulat ng Philippine Employment Overseas Administration (POEA), ang mga bansang Australya, Canada, Estados Unidos, Italya, Japan, Kuwait, Malaysia, Saudi Arabia, Singapore, United Arab Emirates, at United Kingdom, ang ilan lamang sa mga pangunahing bansang kalimitang pinupuntahan ng mga Pilipino dahil na rin sa mapang-akit na ekonomiya na iwinawasiwas ng mga nasabing bansa. Bagama't mahirap matiyak ang tunay na bilang nito, nakapagtala naman ang POEA ng tinatayang 2.4 milyong OFW ang nagkalat sa 149 na bansa sa buong mundo. Dahil sa ganitong penomenon, hindi maikakailang naging malaking tulong ito sa ekonomiya ng Pilipinas. Patunay rito ang bilyong piso naibibigay ng mga Pilipinong manggagawa kung saan kabilang ang *Filipino entertainers*. Sa datos ng POEA pumalo sa 197, 150 dolyar ang naibigay na *remittances* ng mga Pilipinong manggagawa sa Japan na karamihan ay nasa larangan ng *entertainment industries* noong 2003 mula sa 131, 375 dolyar noong taong 1997. Subalit sa kabila ng kitang naibibigay nito sa bansa ay hindi naman maitatangging maraming Pilipino ang naaabuso sa kani-kanilang trabaho sa ibayong dagat partikular na ang mga Pilipinang manggagawa.

Gamit ang *Intersectionality Theory* ni Kimberlé Williams Crenshaw (1991) bilang lente sa pagsipat ng buhay na naratibo ng naging mga karanasan ni Rina naging malinaw ang ugat ng mga problemang kinaharap ni Rina bilang *Filipino entertainers sa Japan* at bilang dayuhan mula sa isang mahirap na bansa gaya ng Pilipinas.

Batay sa tala, ipinapaliwanag ng Teoryang *Intersectionality* na taglay-taglay ng isang tao ang iba't ibang katangian na nakakabit sa kaniya na nagsisilbing ugat kung bakit nagaganap ang isang diskriminasyon o pagkilala sa isang indibidwal. Ayon kay Crenshaw, ang teoryang ito ay tumutukoy sa kung paano ang iba't ibang sangay ng identidad gaya ng lahi, kasarian, abilidad, seksuwal na oryentasyon, relihiyon at grupong kinabibilangan at mga kaugnay nito ay nagiging ugat ng opresyon/pagmamalupit at

pagmamaliit sa lipunan o pribilehiyo (National Association of Independent Schools (NAIS), 2018). Sa kabuoan, layunin ng teoryang ito na tugunan ang rasismo, patriyarkang lipunan, opresyon ng lahi, at iba pang uri ng diskriminasyon na lumilikha ng di pantay na pagtingin sa kababaihan. At dahil sa *multiple identities* na nakakapit sa isang babae, nauuwi ito sa labis na diskriminasyon at pagmamalupit samantalang ang iba ay nauuwi sa maayos at masuwerteng posisyon. Sa kabuoan, ipinapaliwanag ng *Intersectionality Theory* na ang opresyon o pagmamaliit sa isang tao partikular na ang mga kababaihan ay bunga ng iba't ibang magkakaugnay na kadahilanan. Sanga-sanga ito at di lang nakaugat sa iisang dahilan.

Kaugnay nito, batay sa naratibo ni Rina, ang kahirapan at pangarap niya para sa pamilya ang matibay na rason kung bakit nangibang bansa ang gaya niya. Patunay rito ang kahirapang naranasan niya sa Sorsogon at Metro Manila bago siya magtungo sa Japan. Gayundin ang kalagayan ng kaniyang trabahong kinabibilangan sa Pilipinas, antas ng edukasyong natamo at kalagayan ng kanilang pamilya. Nakita niya ang Japan bilang tulay upang maiahon niya ang kanilang lugmok na kalagayan sa Pilipinas at makapagbigay ng magandang buhay sa kaniyang pamilya. Subalit, dahil sa *excitement* na naramdaman ng panahong iyon at kakulangan ng kaalaman sa tunay na trabahong kanilang pinapasok, higit ang panloloko ng mga taong pinagkatiwalaan niya sa Pilipinas ay naranasan niya ang eksploytasyon mula sa di makataong *recruiter* o ahensya na nagpaalis sa kaniya patungong Japan at maging sa mga naging *employer* niya sa Japan. Patunay rito ang danas niyang pang-aapi at pang-aabuso sa kaniyang *employer*, kostumer at asawang Hapon. Ilan sa mga ito ay ang panloloko ng kontrata, pananakit, pang-aabusong seksuwal, *isolation*, pangmamaliit, berbal na pang-aabuso, tangkang panggagahasa, pang-aabusong ekonomikal, at di makatarungang kondisyon sa *club* na kaniyang pinagtatrabahuan. Mula sa mga naratibo sa itaas, malinaw na danas niya ang paglabag sa kaniyang karapatang pantao. Sa kabilang banda, hindi rin naging madali sa kanya ang maging isang "*gaijin*" o dayuhan sa Japan. Sa katunayan, bagamat hindi niya naging malaking problema ang usapin ng kultura, paniniwala, tradisyon, at relihiyong Hapon, naranasan naman niya ang pagmamaliit ng mga Hapon (partikular na ang mga konserbatibong Hapon) sa kanilang pagkatao dahil sa pagiging Pilipina at *entertainer/hostess* sa Japan. Malinaw na ang ganitong pagtingin ay nakaugat sa historikal at kultural na aspekto ng lipunang Hapon na nakakintal sa kanila

ukol sa mga Pilipina na kadalasang iniuugnay sa mababang antas dahil na rin sa madalas makita sa *club* sa iba't ibang lugar sa Japan na itinuturing bilang mababang propesyon ng nasabing lipunan.

Dahil sa pagiging *entertainer/hostess* ay nagawa niyang makilala ang kaniyang napangasawang Hapon na sa simula ay nagbigay sa kaniya ng pag-asa na makaahon sa kinasasadlakang trabaho subalit nauwi rin sa wala. Sa papel na ito, malinaw na ang pagbubukas ng trabaho sa mga *Filipino entertainers* sa Japan, ang naging daan upang magkaasawahan ang isang Hapon at Pilipina. Gamit ang naratibo at mga nasusulat na literatura, malinaw na ang paglobo ng *Filipino entertainer* ay nakaugat sa aspektong historikal (kasaysayan ng prostitusyon sa Japan), kultural (paniniwala ng mga Haponesa na madumi ang trabaho sa club), politika (pagkilala sa kakayahan ng mga Haponesa na makatulong sa industriya ng Hapon na makapagtrabaho sa desente institusyon at pagbibigay sa kanila ng edukasyon) at ekonomiko (bagsak na ekonomiya ng Pilipinas at maunlad na ekonomiya ng Japan) na naging dahilan upang unti-unting lumaki ang bilang ng mga Pilipinang nakapag-asawa ng Hapon.

Samantala, malinaw na hindi naging matagumpay ang "*kokusai kekkon*" (*intermarriage*) sa pagitan ni Rina at ng kanyang napangasawang Hapon. Bukod sa hindi ito nagsimula sa wagas na pagmamahalan, malinaw na ang pang-aabusong naranasan ni Rina sa kamay ng kanyang asawa ang nagsilbing dahilan kung bakit ito nauwi sa hiwalayan at bigong pagsasama. Gaya ng karanasan niya sa kanyang *employer* at mga naging kostumer sa *club*, lantad rin ang pang-aabusong seksuwal (sexual abuse), pang-aabusong ekonomikal (financial abuse) pang-aabusong berbal (verbal abuse), pang-aabusong emosyonal o sikolohikal (psychological/emotional abuse) at *isolation* sa mga pang-aabusong naranasan niya sa kamay ng kanyang asawa sa ilalim ng *intermarriage*.

Sa pagsusuri, malinaw na nakaugat sa kanilang pagiging Pilipina, kawalan ng edukasyon, *Japayuki*, mahirap, at kakulangan ng kaalaman sa wika at lipunang Hapon na isa sa ipinapaliwanag ng *Intersectionality Theory* na nagpapaliwanag kung paano nagbubuklod ang iba't ibang anyo ng diskriminasyon at pang-aapi at lumikha ng mga natatanging karanasan para sa mga indibidwal, partikular para sa mga babaeng kabilang sa laylayan,

mahirap na bansa, salat sa edukasyon, at iba pang panlipunang sukatan na itinuturing na mababa. Sa katunayan, kinikilala ng balangkas na ito na ang mga babaeng ito ay kadalasang nahaharap sa maraming saray ng marhinalisasyon nang sabay-sabay, na maaaring magpakita bilang mga hamon na nauugnay sa rasismo, seksismo, hindi pagkakapantay-pantay sa ekonomiya, at iba pang katangian tulad ng edad, oryentasyong sekswal, o kapansanan.

Malinaw na ang sinapit ni Rina sa lipunang Hapon at kamay ng kaniyang asawang Hapon ay hindi lamang produkto o sanhi ng pagiging babae kundi dahil din sa kanyang lahi at kalagayang sosyo-ekonomiko na nagreresulta o nagdiin sa kaniya upang ituring na mababa ng lipunan.

Sa kabilang banda, ang karanasang ito ni Rina ay salamin din ng karanasan ng ibang *Filipino entertainers* sa nasabing bansa na malinaw na ito ay migrasyong produkto ng murang lakas-paggawa, migrasyon ng pang-aabuso sa mga kababaihang manggawa, sekspluytasyon, migrasyon ng diskriminasyon dahil sa lahi (race), katayuan sa buhay (social class), abilidad/kakayahan (ability) at kasariang kinabibilangan (gender). Sa kabuoan, ito ay matatawag na bagong anyo ng pang-aalipin sa mga kababaihang Pilipinas sa bagong panahon. Nagpapakita din ito ng talaban ng kapangyarihan ng kasarian sa loob at labas ng tahanan at ng antas ng bansang kinabibilangan.

Samantala, ang pag-iyak, paglalayas at pakikipag-usap sa kapwa Pilipino (kung may pagkakataon) ang nagsilbi niyang tulay upang kahit papaano ay maibsan ang sakit na nararamdaman niya bunsod ng pang-aabusong nararanasan niya sa kaniyang asawa. Sa kabila ng negatibong karanasan ni Rina, bilang Pilipinang manggagawa, dayuhan, at may-asawa ay nananatili pa rin siyang matatag sa tulong na rin ng kaniyang pamilya at naging anak. Malinaw na hindi naging madali ang naging danas niya sa lipunang Hapon, kung saan ang mga danas niyang ito ay nagbigay sa kanya ng hindi matatawarang karanasan na hanggang ngayon ay hindi niya nalilimutan. Magkaganoon pa man, ang karanasang ito bilang babae, Pilipina, dayuhan, mahirap, at asawa ay nagturo sa kanya upang maging matatag na babae sa isang lipunang patriyarkal gaya ng Japan. Malinaw na ang opresyon at diskriminasyon o karahasan ay nakaugat sa makakaugnay na katangiang nakakabit sa isang indibidwal.

Sa kabilang banda, kinakitaan naman si Rina ng sariling ahensiya bilang babae partikular na sa pagbuo ng sariling desisyon at paninindigan. Makikita ito nang manindigan siya sa kaniyang paniniwala ukol sa usapin ng pagkabirhen at paninindigang manatili sa loob ng ilang panahon sa isang mapang-abusong relasyon. Sa usapin ng pagkabirhen, at pisikal na intimasiya, hindi niya itinuturing ang kaniyang pagkabirhen bilang isang pamantayang idinidikta ng lipunan o relihiyon dahil sa takot sa panghuhusga. Sa halip, tinitingnan niya ito bilang isang malalim at sinadyang pagpili, isang maingat na pag-aalay na inilalaan niya para sa kanyang emosyonal na kapanatagan at pangmatagalang relasyon sa hinaharap. Sa katunayan, ang pahayag na: *“Birhen mo ako nakuha. Pagkatapos, tatratin mo ako ng ganito”* ay nagpapahiwatig ng higit pa sa usaping kultural o relihiyon, usapin ito ng pagpapahalaga at respeto sa sarili.

Maaari namang tingnan ang pananatili ni Rina sa loob ng mapang-abusong relasyon, hindi dahil sa takot na wala nang ibang tatanggap sa kanya o maging tampulan ng tukso Kundi bilang isang paninindigan na nakaugat sa kaniyang sariling ahensiya ng pagpili. Maaaring ito ay isang aktibong desisyon na panindigan sa kaniyang sariling pangako at integridad. Ginamit niya ang kanyang ahensiya upang sabihin na kahit nabigo siyang magkaroon ng isang malusog na pagsasama, hindi niya binigo ang sariling prinsipyo ng katapatan sa kaniyang paniniwala bilang babae. Kinokontrol niya kung paano niya nakikita ang kaniyang sarili bilang isang tapat at marangal na asawa, na hindi kayang dungisan ng pang-aabuso ng iba.

Subalit sa dulo, dapat nating tandaan na ang ganitong porma ng ahensiya ay dapat na ituring na limitado lamang sapagkat magiging mapanganib ito kung ang lipunan na mismo ang gagamit nito upang ikulong ang kababaihan. Kapag sinabihan ang babae ng kaniyang pamilya o komunidad na *“Magtiis ka, asawa mo ‘yan, at siya ang una’t huli mo,”* ang kaniyang pagpili ay hindi na ganap na malaya, kundi isang obligasyong pinilit sa kaniya ng kulturang pumapabor sa pagpapanatili ng konserbatibo at patriyarkal na pananaw.

Konklusyon

Sa kabuoan, ang papel na ito ay nagpapatunay na sa kabila ng mga programa ng pamahalaan mula sa panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos, Sr. hanggang sa sumunod na pangulo ng Pilipinas, bigo ang mga ito na proteksyonan ang mga OFW partikular na ang mga Pilipinang dumanas ng iba't ibang uri ng pang-aabuso mula sa mga employer, recruiter, at lipunan ng bansang kanilang kinabibilangan. Sa konteksto ng pananaliksik na ito batay sa naratibo ng kalahok, malinaw na hindi nagsilbing lunan ng ginhawa ang kanilang pagtatrabaho sa Japan at pag-aasawa ng isang Hapon na pinaniwalaan nilang mag-aahon sa kanila sa kahirapan at magbibigay ng isang magandang buhay. Sa katunayan, ang mga pang-aabusong naranasan ng kalahok sa pananaliksik na ito ay salamin lamang ng mas malaki pang problema na posibleng kinahaharap ng malaking bilang din ng mga Pilipinang manggagawa hindi lamang sa Japan bagkus sa ibang mga bansa rin sa mundo na ang diskriminasyon at opresyon ay tiyak na nakaugat sa sanga-sangang katangian na taglay nila kaya ng pagiging mahirap, Pilipina, kawalan ng edukasyon, maybahay, at *entertainer* na nangangahulugan ng pagiging mababa sa isang lipunan patriyarkal o may mataas na pagtingin sa kalalakihan at mababa sa kababaihan lalo na sa isang dayuhang galing sa isang bansang mahirap gaya ng Pilipinas.

TALAHULI

¹ Nagkaroon ng berbal na pahintulot na ibahagi ang kuwentong buhay ni “Rina” (hindi tunay na pangalan) sa kondisyong mapananatili ang kaniyang proteksyon at privacy. Dahil dito, binago ang kaniyang tunay na pangalan, kasama ang pag-iba sa ilang sensitibong detalye na maaaring magbunyag ng kaniyang pagkakakilanlan.

SANGGUNIAN

Anderson, J. N. (2005). Filipinos in Japan. In M. Ember, C. R. Ember, & I. Skoggard (Eds.), *Encyclopedia of diasporas* (pp. 802–811). Springer. https://doi.org/10.1007/978-0-387-29904-4_83

Center offers help to abused Filipinos. (2013, October 9). *The Japan Times*. <https://www.japantimes.co.jp/news/2013/10/09/national/center-offers-help-toabused-filipinos/>

- Fuwa, N., & Anderson, J. N. (2006). *Filipina encounters with Japan: Diverse stories from a Pangasinan barangay* (SSRN Scholarly Paper No. 879075). Social Science Research Network. <https://doi.org/10.2139/ssrn.879075>
- GMA News. (2010, February 24). *OFWs from the '70s to the '90s*. GMA News Online. <https://www.gmanetwork.com/news/topstories/specialreports/184678/ofwsfrom-the-70s-to-the-90s/story/>
- History of Philippine migration*. (2018, May 7). Center for Migrant Advocacy. <https://centerformigrantadvocacy.com/philippine-migration/history-of-philippinemigration/>
- Liban, D. V. (2012). *Touch me not: A history and critique of Japayuki trade between the Philippines and Japan*. Central Book Supply.
- National Association of Independent Schools. (2018, June 22). *Kimberlé Crenshaw: What is intersectionality?* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=ViDtnfQ9FHc>
- Smith, S. (2015). Black feminism and intersectionality. *International Socialist Review*, (91).
- Suzuki, N. (2000). Women imagined, women imaging: Re/presentations of Filipinas in Japan since the 1980s. *U.S.-Japan Women's Journal. English Supplement*, 19, 142–175.

Si Reynele Bren G. Zafra ay kasalukuyang Assistant Professor sa University of the Philippines Los Baños. Siya ay alumnus ng University of the Philippines Diliman (Post-baccalaureate Diploma ni Early Childhood Development), De La Salle University Manila (Master of Arts at Doctor of Philosophy in Philippine Studies) at Polytechnic University of the Philippines Manila (Bachelor in Broadcast Communication). Bilang isang guro at mananaliksik, siya ay nakapaglathala ng mga pananaliksik at teksbuk sa Filipino, Agham Panlipunan, Edukasyon, at Araling Kasarian. Naging Kawaksing Editor din siya ng HASAAN Journal ng Unibersidad ng Santo Tomas at nakatanggap ng research grant mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA) upang pag-aralan ang kultura at wikang Onhan sa Probinsiya ng Romblon at ang kultura ng pagbabatek sa Cordillera Administrative Region.